

**PAHAYAG PARA SA MIDYA
(PRESS RELEASE)**

Kontak: Gentle Blythe, [415-241-6565](tel:415-241-6565)

Para sa Agad na Pagsisiwalat

Tinalakay ng Lupon ang paghahanap para sa posisyong superintendente at ang plano para sa pakikilahok ng komunidad

(Nobyembre 2, 2016) - Nakipagkita ang Lupon ng Edukasyon (Board of Education) ng San Francisco sa mga konsultant na mula sa kompanyang Leadership Associates Executive Search para talakayan ang paghahanap para sa susunod na Superintendente ng SFUSD.

Pinag-aralan ng Lupon at ng mga konsultant ang plano para sa pakikilahok ng komunidad at tinalakay ang iba pang mga yugto ng proseso ng pagre-recruit at pag-eempleyo, kasama na ang pagre-recruit mula sa napakakuwalipikadong kandidatong diverse (posibleng mula sa iba't ibang lahi, etnisidad, edad, kasarian, at iba pa), pagtitiyak ng mga sanggunian, at proseso ng pag-iinterbyu.

Magtataguyod ang mga konsultant ng serye ng mga Sesyon para sa Pagkuha ng Opinyon ng Komunidad (Community Input Sessions) at Bukas na Talakayan (Open Forum) na isasagawa sa iba't ibang wika, at pagkatapos nito, kukumpletuhin nila ang ulat ng mga komentong natanggap sa mga sesyong ito ng pagkuha ng opinyon. Ibabahagi ang mga komentong ito sa Lupon, at gagamitin upang makagawa ng pormal na deskripsiyon ng posisyong ng Superintendente.

“Gusto naming marinig ang mga estudyante, kawani, magulang at miyembro ng komunidad tungkol sa kanilang mga gustong kuwalipikasyon at katangian para sa susunod na superintendente, at gusto naming maibahagi nila ang kanilang mga iniisip tungkol sa mga kalakasan at problema ng distrito,” ang sabi ng presidente ng Lupon na si Matt Haney. May pananagutan ang Lupon sa paghahanap ng superintendente na naniniwala rin sa mga pinahahalagahan at bisyon ng distrito, habang nagdadala ng kinakailangang kaaalaman upang madala sa susunod na antas ang ating distrito.”

Nagkasundo ang Lupon at ang mga konsultant na lubos na magsumikap sa kabuuan ng proseso ng paghahanap, at nang makakuha ng perspektiba mula sa iba't ibang uri ng mga indibidwal at pangkat, habang pinoprotektahan ang pagiging kumpidensiyal ng paghahanap. Naging gawain na ng Leadership Associates na hindi ibahagi sa publiko ang pangalan ng mga aplikante sa proseso ng paghahanap. Ang dahilan ng kumpidensiyal na proseso ay para pahintulutan ang pagre-recruit ng mga epektibong lider sa edukasyon, kasama na ang mga nakaupong superintendente, na napakamatagumpay, at lubos na iginagalang sa kani-kanilang mga distritong pampaaralan at komunidad. Maraming matatagumpay na superintendente ang nag-aatubili o umaayaw sa pag-aaplay para sa mga posisyong kapag inaanunsiyo sa publiko ang kanilang aplikasyon bago matukoy ng Lupon ang finalist (pinakanapipili).

Nakapagsagawa na ang Leadership Associates ng mahigit sa 350 paghahanap ng mga superintendente, kasama na sa mga distritong may katulad ng SFUSD ang demograpiko (datos tungkol sa mga tao, halimbawa, edad, kasarian, etnisidad at iba pa), at pagpopondo. Magre-recruit sila ng mga kandidato mula sa rehiyon, estado at buong bansa, upang matulungan ang Lupon sa pagkakaroon ng malawak na hanay ng mga kandidato, at nang makapili ang Lupon ng pinakamahasay na taong higit na tugma sa Distrito.

Tingnan ang [San Francisco Unified School District website](#) makalipas ang Nobyembre 14 para sa mga oras at lokasyon ng mga forum o pagtitipon, at upang makalahok sa sarbey para sa paghahanap ng superintendente.. Magkakaloob ng mga oportunidad sa mga indibidwal para makipag-ugnay sa mga konsultant sa pamamagitan ng e-mail o telepono, kung hindi silang puwedeng dumalo para sa sesyon sa pagbabahagi ng opinyon, o kung gusto nilang magbigay ng karagdagang impormasyon.